BAYBAYIN

Paglalayag sa Wika at Panitikan

Batayang Kagamitang Pampagtuturo

Remedios Infantado • Crizel Sicat
Maria Wevenia Ricohermoso • Moreal Camba
Mga May-akda

Ramilito Correa
Koordineytor

Published & Distributed by
REX Book Store
856 Nicanor Reyes, Sr. St.
Tel. Nos. 736-05-67 • 735-13-64
1977 C.M. Recto Avenue
Tel. Nos. 735-55-27 • 735-55-34
Manila, Philippines
www.rexpublishing.com.ph

10

Karapatang-ari sa Pilipinas 2015
Rex Book Store, Inc.

RBS Serye sa Filipino
Baybayin: Paglalayag sa Wika at Panitikan 10
ISBN 978-971-23-7033-5
Klasipikasyon: Batayang Kagamitang Pampagtuturo (**53-FI-00062-0**)

Inilathala na may karapatang-ari 2015 at ipinamahagi ng **Rex Book Store, Inc. (RBSI)** na may punong tanggapan sa 856 Nicanor Reyes Sr. St., Sampaloc, Manila / Tel. Blg.: 735-1364, 736-0567

Mga Sangay ng RBSI:

LUZON

•**MORAYTA:** 856 N. Reyes Sr. St., Sampaloc, Manila / Tel. Nos.: 736-0169, 733-6746; Telefax: 736-4191 •**RECTO:** 2161-65 Freedom Building, C.M. Recto Avenue, Sampaloc, Manila / Tel. Nos.: 522-4521, 522-4305, 522-4107, 733-8637 •**RECTO (La Consolacion):** Mendiola, Manila • **MAKATI:** Unit UG-2, Star Centrum Bldg., Sen. Gil Puyat Ave., Makati City / Tel. No.: 818-5363; Telefax: 893-3744 •**ROCKWELL:** 1st Floor, Ateneo Professional School, Rockwell Center, Bel-Air, Makati City / Tel. No.: 729-2015 •**CUBAO:** Unit 10 UGF, Doña Consolacion Bldg., Gen. Santos Ave., Araneta Center, Cubao, Quezon City /Telefax: 911-1070 •**ORTIGAS:** G/F East Tower, Philippine Stock Exchange Center, Exchange Road, Ortigas Center, Pasig City / Tel. No.: (02) 650-4347 •**CAVITE:** Block 4, Lot 20 Don Gregorio Heights 2, Zone 1-A Aguinaldo Highway, Dasmariñas, Cavite / Telefax: (046) 416-1824 •**CAVITE (Tanza):** (Display Area) Block 5, Lot 6, City View 4 and 5, Brgy. Tanauan, Tanza, Cavite •**NAGA:** 1-1A Geronimo Bldg., Barlin St., Sta. Cruz, Naga City, Camarines Sur/Telefax: (054) 811-6878 •**LEGAZPI:** Unit 6, 3rd Floor, A. Bichara Silverscreen, Legazpi City, Albay / Telefax: (052) 480-2244 •**CALAPAN:** Brgy. Salong, National Highway, Calapan City, Oriental Mindoro / Telefax: (043) 288-1650 •**BATANES:** L. Lopez St., Kayvalugan, Basco, Batanes •**TUGUEGARAO:** 10 Arellano Ext., Brgy. Ugac Sur, Tuguegarao, Cagayan / Telefax: (078) 844-8072 •**CABANATUAN:** Fontelera Building, 1271 Del Pilar Ext., Sangitan East, Cabanatuan City, Nueva Ecija / Tel. No.: (044) 464-2151; Telefax: (044) 600-5684 •**URDANETA:** Zone 6, Pinmaludpod, Urdaneta City, Pangasinan / Telefax: (075) 568-3975 •**ANGELES:** Unit H, JMS Bldg., MacArthur Highway, Brgy. Salapungan, Angeles City, Pampanga/Telefax: (045) 887-5371 • **BAGUIO:** Rex Hall Student Residences, Upper Gen. Luna cor. A. Bonifacio St., Baguio City, Benguet / Tel. No.: (074) 422-0574

VISAYAS

•**TACLOBAN:** Brgy. 74 Marasbaras, Tacloban City, Leyte / Tel. No.: (053) 323-8976; Telefax: (053) 523-1784 •**ILOILO:** 75 Lopez Jaena St., Brgy. San Isidro, Jaro, Iloilo City, Iloilo / Tel. No.: (033) 329-0332; Telefax: (033) 329-0336 •**BACOLOD:** 28 Brgy. 36, Purok Immaculada, Quezon Ave., Bacolod City, Negros Occidental •**CEBU:** 11 Sanciangko St., Cebu City / Tel. Nos.: (032) 416-9684, 254-6773, 505-4313; Telefax: (032) 254-6466

MINDANAO

•**CAGAYAN DE ORO:** J. Seriña St. cor. Vamenta Blvd., Carmen, Cagayan de Oro City, Misamis Oriental / Telefax: (088) 858-6775, 309-5881 •**DAVAO:** 156 C.M. Recto St., Davao City, Davao / Tel. Nos.: (082) 300-5422, 305-5772; Telefax: (082) 221-0272 •**GENERAL SANTOS:** Aparente St., Dadiangas Heights, General Santos City, South Cotabato / Telefax: (083) 554-7102 • **ZAMBOANGA:** San Francisco Loop, Mayor Agan Ave., Camino Nuevo B, Zamboanga City / Tel. No.: (062) 955–0887

www.rexpublishing.com.ph

Walang bahagi ng aklat na ito ang maaaring kopyahin o i-*recopy* sa mga aklat, polyeto, balangkas, o sulatin—maging ito ay palimbag, mimyograp, makinilyado, kopyang panlarawan, o sa anumang porma—para ipamahagi o ipagbili nang walang pahintulot ng Tagapaglimbag at ng/ng mga May-akda. Ang lalabag ay ipagsasakdal sang-ayon sa batas sa karapatang-ari, tatak-pangkalakal, patente, at iba pang kaugnay na batas.

Hindi Pag-Angkin sa mga *Link*

Walang sagutin ang **REX PUBLISHING** sa kawastuhan, legalidad, o nilalaman ng mga eksternal na *website* at mga *link*. Tinukoy lamang ang mga *link* na ito upang mapagaan ang pagkuha ng mga kinakailangang impormasyon. Bagama't natiyak ang kaayusan nito sa petsa ng publikasyon, hindi sinisiguro ng tagalathala na gumagana ito sa lahat ng pagkakataon at wala rin itong kontrol sa kung kailan maaaring magamit ang mga *link*.

Higit pa rito, hindi rin magagarantiyahan ng tagalathala na ang mga *website* at *server* na ito ay mananatiling walang *virus* o iba pang mga hindi katanggap-tanggap na bahagi. Hindi rin magagarantiyahan at walang representasyon ang **REX PUBLISHING** sa usapin ng kawastuhan, katumpakan, pagiging napapanahon, maaasahan, o kabaliktaran ng mga ito, sa paggamit o resulta ng paggamit ng mga materyal na nakapaloob sa mga *website*.

RBSI's Book Association Memberships: Philippine Booksellers Association, Inc. (PBAI); Book Development Association of the Philippines (BDAP); Philippine Educational Publishers Association (PEPA); Book Exporters Association of the Philippines (BEAP); Academic Booksellers Association of the Philippines (ABAP); Children's Literature Association of the Philippines, Inc. (CLAPI); Asian Publishers Resources Center (APRC)

PEPA's International Book Association Memberships: International Publishers Association (IPA); Asia Pacific Publishers Association (APPA); ASEAN Book Publishers Association (ABPA); Philippine Book Publishing Development Federation (Philbook)

Printed by REX PRINTING COMPANY, INC.
84-86 P. Florentino St., Sta. Mesa Heights, Quezon City / Tel. No.: 857-7777

YUNIT IV

AKO AT ANG AKING BAYANG NAGPAPAHALAGA SA PANITIKANG KANLURANIN

Buod:

Binigyan ng pagpapahalaga ang mga mitolohiya, kuwento, at sanaysay na naglalarawan sa mga kaugalian, tradisyon, paniniwala, at kabihasnan ng mamamayan ng Mediterranean upang maunawaan ng mga mag-aaral ang mga paniniwala at paraan ng pamumuhay ng mga nasa bansang Mediterranean. Ito ay bahagi rin ng pagbubuo ng kakayahan ng mga mag-aaral sa mapanuring pag-iisip at pag-unawa sa panitikan bilang bahagi ng pag-unawa sa kulturang Mediterranean at pagsusulong ng pandaigdigang pagkakaunawaan at pagkakaisa.

Bilang pagtataya sa bawat aralin, nagbigay ng maikling pagsubok upang masukat o matasa ang natutuhan ng mga mag-aaral. Ang repleksiyon bilang isang elemento sa pagtalakay ng aralin ay napakahalaga dahil nakatutulong ito sa pagsasagawa ng ebalwasyon kung ano ang natutuhan at naging saloobin ng mga mag-aaral sa tinalakay na aralin.

Sa pagtatapos ng yunit, may inihandang Lagumang Pagsusulit bilang pagtataya at proyekto para sa Pamantayang Pagganap (*Performance Task*).

A. Mga Akdang Babasahin

1. Parang Sine
2. *The Little Prince*, Antoine de Saint-Exupery, salin ni Desiderio Ching, Ang Munting Prinsipe. Quezon City: Claretian Publications. 1991.
3. Tama ang Tatay ni Chris, salin ni Mawen Ricohermoso ng artikulo ni Adam Gopnik na "Christopher Michael-Martinez's Father Gets It Right" mula sa *http://www.newyorker.com/online/blogs/newsdesk/2014/05/christopher-michael-martinezs-father-gets-it-right.html*

B. Mga Pokus ng Nilalaman

Wika

1. *Transitory devices*
2. Panunuring pampanitikan
3. Mga salitang hindi lantad ang kahulugan
4. Ang *creative non-fiction* at *online workshop*

Panitikan

1. Ang mga pelikula at teleserye
2. Mga elemento ng nobela
3. Ang sanaysay na naghihikayat
4. Ang panitikan sa *social media*

Pangkalahatang Pamantayan:
Naipamamalas ng mga mag-aaral ang kakayahang komunikatibo, mapanuring pag-iisip, at pag-unawa at pagpapahalagang pampanitikan gamit ang teknolohiya at iba't ibang uri ng teksto at mga akdang pampanitikang rehiyonal, pambansa, saling-akdang Asyano at pandaigdig tungo sa pagtatamo ng kultural na literasi

Pangunahing Pamantayan ng Bawat Yugto:

Sa dulo ng Baitang 10, naipamamalas ng mga mag-aaral ang kakayahang komunikatibo, replektibo/ mapanuring pag-iisip at pagpapahalagang pampanitikan sa tulong ng mga akdang rehiyunal, pambansa at salintekstong Asyano at pandaigdig upang matamo ang kultural na literasi.

Pamantayan sa Bawat Baitang:

Pagkatapos ng Ika-10 Baitang, naipamamalas ng mga mag-aaral ang kakayahang komunikatibo, mapanuring pag-iisip, at pag-unawa at pagpapahalagang pampanitikan gamit

Kultura

1. Ang pakikipagkapwa ng mga Pilipino
2. Panunuyong Pilipino
3. Ang *RH Law* bilang pagpapahalaga sa buhay
4. Ang *blogging* bilang isang porma ng demokrasya

C. Pamantayan sa Pagganap

1. Pagsulat ng maikling kuwento tungkol sa mga pangyayari sa kasalukuyan
2. Suring basa ng bahagi ng nobelang "Ang Munting Prinsipe"
3. Pagbuo ng *video clip* tungkol sa kultura ng kabatang Pilipino sa kasalukuyan
4. Pagsasagawa ng isang *online workshop*

D. Lagumang Pagtataya

Magbibigay ng pagsusulit sa bahaging ito na binubuo ng 20 aytem. Ilalapat sa paglikha ng pagsusulit ang tinatawag na *Knowledge*, *Process, Understanding*, at *Product/Performance* (KPUP).

Bilang pagtatasa sa kaalamang natutuhan ng mga mag-aaral, lalamanin ng pagsusulit ang pagsukat sa kung gaano karami ang mga natatandaang impormasyon ng mga mag-aaral sa naging mga aralin sa pamamagitan ng pagpili ng tamang sagot.

At upang masukat ang kanyang kakayahang makapagproseso ng mga impormasyon upang makaabot sa tamang pagkilos, magsusulat ang mga mag-aaral ng konsepto para sa isang *blog site* at isang proposal para sa isang batas na nangangalaga sa kapakanan ng kababaihan.

E. Iba pang Ebidensiya

1. Pagsagot sa klase
2. Pagsasagawa ng pangkatang gawain
3. Pagbibigay ng maikling pagsubok
4. Pagsasagawa ng pamantayan sa pagganap

ang teknolohiya at iba't ibang uri ng teksto at saling-akdang pandaigdig tungo sa pagkakaroon ng kamalayang global.

Aralin 11 – PARANG SINE

Transitory Devices

***Genre*/Akdang Pampanitikan:**

Ang Pelikula at mga Teleserye

Bilang ng sesyon: 4-5 sesyon

I. Abot-tanaw

Layunin ng araling ito na matamo ng bawat mag-aaral ang sumusunod na kakayahan:

1. Nasusuri sa diyalogo ng mga tauhan
2. Nabibigyang reaksiyon ang pagiging makatotohanan/di-makatotohanan ng mga pangyayari sa maikling kuwento
3. Naitatala ang mga salitang magkakatulad o magkakaugnay ang kahulugan
4. Nahihinuha sa mga bahaging pinanood ang pakikipag-ugnayang pandaigdig

Mahalagang Tanong:
Paano makatutulong ang pagsusuri ng maikling kuwentong "Parang Sine" sa kamulatan ng mga mag-aaral sa mga pangyayari sa pamayanan at daigdig?

Mahalagang Pag-unawa:
Nagsasalay ang maikling kuwentong "Parang Sine" ng mga pangyayari sa lipunan na magdudulot ng kamulatan sa mga mag-aaral upang magsagawa ng aktuwal na pakikisangkot at pagkilos upang malutas

5. Naisasalaysay nang masining at may damdamin ang isinulat na maikling kuwento
6. Nakasusulat ng maikling kuwento tungkol sa pangyayari sa kasalukuyan

II. Balik-tanaw

Grade 10 Bluff

Hahatiin ang klase sa limang grupo. Bawat grupo ay magtatalaga ng miyembro na siyang tagasabi ng napagkasunduang sagot. Ang sagot lamang ng piniling kagrupo ang tatanggapin bilang huling sagot.

May mga katanungang ipakikita. May tatlong sagot at *clue* na pagpipilian. Isa lamang sa tatlong sagot ang tama. Mag-ingat dahil maaaring ang mga ibibigay na *clue* ay panggulo lamang.

Matatanggal sa laro ang alinmang grupong magkamali. Ang grupong matitira, matapos magkamali ang iba, ang siyang tatanghaling panalo.

III. Pagtanaw

Magkakaroon muna ng maikling talakayan sa klase tungkol sa mga pelikulang Pilipino o sa mga pelikulang gustong panoorin ng mga mag-aaral, sino ang kanilang paboritong artista, direktor, at kung bakit.

Pagkatapos ay ipababasa ng tahimik sa mga mag-aaral ang maikling kuwentong *Parang Sine*.

IV. Baybayan

Pare-Pareho, Dugtung-dugtong

Magpapalaro sa klase. Bubuo ang klase ng grupong may apat hanggang limang miyembro.

Magbibigay ng isang salita mula sa binasang kuwento. Tatawagin ang unang grupo upang maghanap mula sa akda ng salitang may kapareho o kaugnay na kahulugan ng salitang ibinigay. Kailangang maipaliwanag ng grupo kung bakit kapareho o kaugnay ng salitang ibinigay ang sinabi nilang salita.

Ang pangalawang grupo naman ang maghahanap mula sa akda ng salitang may kapareho o kaugnay na kahulugan ng salitang ibinigay ng unang grupo. Ipagpapatuloy ang proseso hanggang sa may isang grupo na hindi makasagot. Ang grupong huling nakapagbigay ng tamang sagot ang makakakuha ng puntos at magsisimula ng panibagong *round*.

Itakda kung hanggang ilang *round* ang itatagal ng laro.

V. Pagpalaot

Pananatilihin ang grupong binuo para sa larong Pare-pareho, Dugtong-dugtong. Magtatalaga ang bawat grupo ng isang miyembrong mag-uulat ng napag-usapan.Tatalakayin sa bawat grupo ang mga sumusunod:

1. Ibuod ang kuwentong binasa.
2. Ilarawan ang pagkakaiba ni Lionel sa kanyang mga kamag-anak at sa iba pang tauhan ng kuwento.

ang mga suliranin o isyu sa kasalukuyang panahon.

Pagganap:
Pagsulat ng maikling kuwento tungkol sa mga pangyayari sa kasalukuyan na may kaugnayan sa akdang binasa

Mga Batayang Kasanayan:

1. Nasusuri ang katangian ng tauhan sa binabasang akda

Mayroong instruksiyonal na materyal tungkol sa **Learning Objectives** na matatagpuan sa **Technology Enhancement CD**

2. Natutukoy ang mga usapin o isyu sa isang napanood na palabas na usapin din sa Pilipinas o sa iba pang bansa
3. Nakapagsa-*survey* tungkol sa mga katangiang madalas na itinatago o binabago ng mga Pilipino
4. Nakapagsusulat ng isang maikling kuwento tungkol sa mga pangyayari sa kasalukuyan na may kaugnayan sa akdang binasa

Ika-21 Siglong Kasanayan:
Komunikasyon

Kritikal na pagsusuri/ pag-iisip

Nakapagsa-*survey*

Kagamitan:
Internet

Sanggunian"

"Detective Conan." *http://www.youtube.com/watch?v=y05q0qOvu4Q.*

3. Dapat bang maging masaya si Lionel na iba siya sa lahat o dapat niya itong ikalungkot? Bakit?
4. Gugustuhin mo bang maging katulad ni Lionel? Bakit?
5. Kung bibigyan kayo ng pagkakataong dugtungan ang kuwento, paano ninyo ito ipagpapatuloy?

Mga dagdag na tanong:

1. Kung ikaw si Lionel, anong paksa ng pelikula ang gusto mong gawin? Bakit?
2. Nagsisimula ka palang na maging isang direktor ng pelikula, at nabigyan ka ng pagkakataong gumawa ng isang pelikulang napakapangit ngunit sasagutin naman ng *producer* ang lahat ng mga gastusin, ang *promotion* ng pelikula, at pagkatapos nito ay magiging sikat ka nang direktor, gagawin mo rin ba? Bakit?

VI. Lambat-wika

Transitory Devices

Pag-uusapan sa klase ang maikling kuwentong "Parang Sine." Ipakokopya sa mga mag-aaral ang mga salita, parirala, at pangungusap na nakasalungguhit.

Tatanungin ang mga mag-aaral kung sa palagay nila ano ang naging silbi ng mga salitang may salungguhit sa pagdaloy ng kuwento.

Tatalakayin ang kahalagahan ng *transitory devices* sa pagpapadaloy ng kuwento at kung ano-ano ang mga halimbawa ng mga ito.

Sa malikhaing pagsulat, ang mga tinukoy na salita, parirala, at pangungusap ay tinatawag na *transitory devices*. Ginagamit ang mga ito upang mahusay na maitawid ang isang bahagi ng kuwento sa susunod na bahagi ng hindi kailangang magpaulit-ulit ng bilang o palagiang gumamit ng salitang "tapos" o "pagkatapos." Bagaman ang mga nabanggit ay ilang halimbawa rin ng *transitory devices*.

Ilan sa mga *transitory devices* na madalas ginagamit ang mga sumusunod:

1. Pagbabalik sa sinundang bahagi: katulad ng nakita natin, katulad ng nabanggit na, gaya ng sinabi ko, at iba pa
2. Pagdurugtong: tapos, pagkatapos, saka, ngayon, at iba pa
3. Kaswal na koneksyon: dahil dito, kaya, bunga nito, iyon, at iba pa
4. Mga salitang tumutukoy sa panahon: ngayon, dati, bago, tapos, habang, samantalang, at iba pa
5. Mga salitang tumutukoy sa lugar: dito, doon, sa tabi, sa likod, at iba pa
6. Pagkukumpara: katulad nito, sa parehong paraan, saka, higit pa, subalit, pero, at iba pa
7. Pagdaragdag at pagpapatindi: una, pangalawa; uulitin ko, at; maliban dito; at iba pa
8. Ilustrasyon: halimbawa, kunyari, at iba pa

Mayroong instruksiyonal na materyal tungkol sa **Acquisition Strategies** na matatagpuan sa **Technology Enhancement CD**

Pagkatapos ng talakayan, magtatawag ng mga mag-aaral upang magpakuwento ng nangyari sa kanila ngayong araw. Ipaaalala na gumamit sila ng mga *transitory devices* sa pakukuwento.

Pagkatapos ay magtatawag naman siya ng ibang mga mag-aaral upang ipabanggit kung ano-ano ang mga *transitory devices* na binanggit ng kanyang kaklaseng nagkuwento.

Pakikinig at Panonood: Pagtukoy ng isyu sa pinanood

Panonoorin ng klase ang isang *episode* ng *Detective Conan*.

http://www.youtube.com/watch?v=y05q0qOvu4Q

Ipatutukoy sa mga mag-aaral kung ano ang ang mga usapin o isyu sa palabas na naging usapin din sa Pilipinas o sa iba pang bansa. Pababalikan ang napag-aralan sa Kasaysayan o magsasaliksik sa *Internet* para dito. Ipalilista sa talahanayan ang kanilang nalaman:

Usapin o Isyu	Kaugnay na Pangyayari sa Pilipinas o ibang Bansa

Pagkatapos ay ipasusuri ang sumusunod na mga tauhan batay sa kanilang diyalogo sa napanood na *episode*. Ipalilista sa talahanayan ang sagot:

Tauhan	Pagsusuri
CONAN	
KOGORO MOURI	
RAN MOURI	

Pagbasa: Pagbibigay reaksiyon sa katotohanan at di-katotohanan

Magpapabuo sa klase ng mga grupong may limang kasapi at imbestigahan ang katauhan ni Lionel sa kuwentong "Parang Sine." Ang bawat grupo ay magtatakda ng miyembrong gagawa ng mga sumusunod:

1. Susulat ng *biodata* ni Lionel
2. Mag-iisip ng mga importanteng pangyayari sa buhay niya
3. Tutukoy sa mga taong pinahahalagahan niya

Batay sa imbestigasyon ng grupo, alin sa mga pahayag niya sa kuwento ang pinaniniwalaan niyo at alin ang hindi? Ilista sa talahanayan ang sagot:

Pahayag na Makatotohanan	Pahayag na Hindi Makatotohanan

Ipauulat sa klase ang resulta ng imbestigasyon ng bawat grupo gamit ang inihandang gabay sa pag-uulat:

1. Anong klaseng tao si Lionel?
2. Anong mga katangian ni Lionel ang dapat tularan?
3. Anong mga katangian ni Lionel ang hindi dapat tularan?

Pagsulat at Pagsasalita: Paggawa ng sarbey

Magpapagawa sa klase ng maikling sarbey tungkol sa mga katangiang madalas na gustong itago o baguhin ng mga Pilipino. Pag-uusapan kung gaano nila ito katagal itinatago o sinusubukang baguhin. Ano ang kadalasang nagiging epekto sa lipunan ng mga kilos na ito?

Maaaring gawin ito ng klase sa *recess* o sa uwian. Maaari nilang tanungin ang kanilang mga kasama sa bahay o ang kanilang mga kaibigan.

VII. Lambat-panitik

Ikaw, ang Pelikula at mga Teleserye

Magkakaroon ng talakayan sa klase tungkol sa kung paano inilalarawan ng panitikan at pelikula ang kultura ng isang bansa. Magkaroon ng maikling pagtalakay tungkol sa Gawad Urian, *Metro Manila Film Festival*, at *Cannes Film Festival*.

Tatalakayin din ang tungkol sa mga teleserye mula sa iba't ibang bansa na napapanood na ngayon sa ating telebisyon at kung paano sinalamin ng mga teleseryeng ito ang kultura ng bansang pinanggalingan.

Pagkatapos ay magkakaroon ng pangkatang talakayan. Mag-uulat ang bawat grupo ng kanilang napag-usapan pagkatapos ng takdang oras para sa talakayan na ibinigay.

Mga gabay na tanong:

1. Ano-anong mga pelikula at teleserye ang kinagiliwan mo? Bakit?
2. Paano ka nakaugnay sa iyong napanood? Anong bahagi ng iyong buhay o karanasan ang naihambing mo rito?
3. Suriin ang napanood. Alin-aling bahagi ang nagustuhan mo? Ang hindi mo nagustuhan? Ang dapat gayahin? Ang hindi dapat gayahin? Bakit?

Mga dagdag na tanong:

1. Ano ang napapansin mong pagkakapareho sa paksa ng mga teleseryeng Pilipino at iyong mga nanggaling sa ibang bansa?
2. Kung ikaw ang papipiliin, alin sa mga teleseryeng galing sa ibang bansa ang ipaaalis mo at aling bansa ang gusto mong magkaroon din ng kanilang teleserye na mapapanood natin? Bakit?

VIII. Baybay-kultura

Pakikitungo ng mga Pilipino

Isang mahalagang katangian ng mga Pilipino ang pakikipag-kapwa-tao.

Natatangi ang pakikitungo ng mga Pilipino sa kapwa ayon sa isa sa mga pangunahing teorya sa Sikolohiyang Pilipino.

Ayon sa nasabing teorya ang tingin ng mga Pilipino sa "kapwa," na kung isasalin sa ibang wika ay mangangahulugang iba pang tao maliban sa sarili, ay hindi ibang tao kundi ekstensyon ng sarili. Ang konsepto ng kapwa sa Sikolohiyang Pilipino ay pagkakabuklod-buklod, hindi paghihiwahiwalay o pagiisa-isa. At dahil ang tingin natin sa ating kapwa ay ekstensyon ng ating sarili, inaasahan natin na anumang makikita natin sa iba ay kapareho ng makikita natin sa ating mga sarili. Kaya naman sinumang naiiba ay nagiging paksa ng usapan na karaniwan ay nauuwi sa isyu.

Ipagagawa sa klase ang sumusunod na gawain:

1. Mag-isip ng iyong mga katangian na sa palagay mo ay iba sa nakararami.
2. Sinubukan mo bang baguhin o itago ang katangiang ito?
3. Gumuhit ng baso sa ibaba katumbas ng bawat katangiang maiisip mo. May lamat ang baso kung sinubukan mong baguhin o itago ang katangian. Buo ang baso kung hindi mo sinubukan ni minsan na itago o baguhin ang katangian.
4. Ano ang iyong nalaman? Ibahagi ito sa klase.

Pag-angkla

Mungkahing Gawaing Pangremedyal

Kung hindi gaanong naunawaan ng mga mag-aaral ang mga bahagi ng aralin, iminumungkahi sa guro ang sumusunod na gawain:

1. Muling ipabasa sa mga mag-aaral ang maikling kuwentong "Parang Sine." Pagkatapos ay ipasulat sa kanila ang buod ng kuwento. Pagkatapos ay isa-isang ipatala sa mga mag-aaral kung ano ang pagkakaiba ni Lionel sa iba pang tauhan. Hayaan siyang mangatwiran kung sa tingin nila ay mabuti o hindi ang pagkakaibang ito.
2. Muling manood ng isang *episode* ng "Detective Conan" na iba sa naunang pinanood. Maaari itong hanapin sa *www.youtube.com* o iba pang *website*. Pagkatapos ay ipabuod sa mga mag-aaral ang *episode* na napanood gamit ang angkop na *transitory device*.

IX. Lambat-likha

Pasusulatin ng isang maikling kuwento ang bawat mag-aaral tungkol sa mga nangyayari sa kasalukuyan na may kaugnayan sa mga kaganapan sa binasang akda.

Halimbawa:

1. Iniisip ng ibang tao tungkol sa kapwa nila
2. Pamantayan ng pagtatagumpay
3. Iniisip ng mga tao tungkol sa kanilang sarili

Pipili ng ilang mga mag-aaral na magbabahagi ng kanilang kuwento sa klase.

***Rubric* sa Pagsulat ng Maikling Kuwento**

Binigyan ng Tuon	Nangangailangan ng Tulong (1 Puntos)	Katamtamang Kagalingan (2 Puntos)	Natatangi (3 Puntos)
Pamagat May orihinalidad, nakagaganyak, at hindi palasak			
Paksang-diwa o Tema Orihinal, makabuluhan, at nakagaganyak			
Banghay Malinaw at lohikal ang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari			
Tauhan Maingat ang paglalarawan, angkop ang kilos at pananalita sa katauhang ginagampanan			
Tunggalian Kawili-wili, nakapupukaw ng kamalayang ng isip at damdamin			
Simula at Wakas Kaakit-akit ang simula at kawili-wili ang wakas na nagkintal sa isipan ng mga mambabasa ng tema ng kuwento			

X. Baybay-nilay

Magpapagawa sa mga mag-aaral ng alinman sa tula, awit, *montage*, *collage*, at iba pang paraan upang ilarawan ang kanilang sarili. Sa pamamagitan ng kanilang gagawin, kailangang ipakita nila kung iba ba sila o kapareho ng mga tao sa paligid nila.

XI. Pagdaong

Pagtataya

Pasagutan sa mga mag-aaral ang sariling pagtataya upang matiyak kung natamo ang mga layunin ng bawat aralin. Kung may mga layuning nahirapang abutin ang mga mag-aaral, maaaring ipagawa ang mga mungkahing gawaing pangremedyal na nasa ikalawang hanay.

Mga Layunin	Mungkahing Gawaing Pangremedyal
1. Nasuri sa diyalogo ng mga tauhan	Muling ipasuri sa mga mag-aaral ang mga dayalogo ng tauhan at ipatala sa kanya ang mga katangian ng mga tauhan base sa mga sinasabi nila.
2. Nabigyang-reaksyon ang pagiging makatotohanan/ di-makatotohanan ng mga pangyayari sa maikling kuwento	Ipalista sa mga mag-aaral ang mga makatotohanan at hindi makatotohanang pangyayari sa binasang maikling kuwento at magbibigay sila ng sariling opinyon o reaksyon tungkol sa mga inilista nila.
3. Naitala ang mga salitang magkakatulad o magkakaugnay ang kahulugan	Ipalista sa mga mag-aaral ang mga salitang magkakatulad o magkakaugnay ang kahulugan at sabihin ang kahulugan ng mga ito.
4. Nahinuha sa mga bahaging pinanood ang pakikipag-ugnayang pandaigdig	Papanoorin ng palabas na kaugnay ng naunang ipinapanood at pagkatapos ay bumuo ng tanong na sasanay sa mga mag-aaral na bumuo ng sarili nilang hinuha.
5. Naisalaysay nang masining at may damdamin ang isinulat na maikling kuwento	Muling ipasulat ang isinulat na maikling kuwento ng mga mag-aaral batay sa mga komento ng guro.
6. Nakasulat ng maikling kuwento tungkol sa pangyayari sa kasalukuyan	Muling ipasulat sa mga mag-aaral ang isinulat na maikling kuwento tungkol sa pangyayari sa kasalukuyan batay sa mga komento ng guro.

Aralin 12 – ANG MUNTING PRINSIPE

Panunuring Pampanitikan

***Genre*/Akdang Pampanitikan:**
Elemento ng Nobela

Bilang ng sesyon: 4-5 sesyon

I. Abot-tanaw

Layunin ng araling ito na matamo ng bawat mag-aaral ang sumusunod:

1. Naisasalaysay ang mga tunggalian sa pagitan ng mga tauhan batay sa kanilang mga pananalita
2. Nasusuri ang nobela bilang akdang pampanitikan
3. Naihahambing ang mga akda sa magkaparehong *genre* batay sa mga tiyak na elemento
4. Nakabubuo ng sariling wakas ng napanood na bahagi ng teleserye
5. Naitatanghal ang pinakamadulang bahagi ng nobela
6. Nagagamit ang mga angkop at mabisang pahayag sa pagsulat ng panunuring pampanitikan

II. Balik-tanaw

Ipagagawa sa mga mag-aaral ang gawain.

Mahalagang Tanong:
Ano ang kaugnayan ng "Ang Munting Prinsipe" sa pagsasabuhay ng kahalagahan ng pagkakaibigan?

Mahalagang Pag-unawa:
Sa pamamagitan ng pagsusuri ng akda, matututuhan ng mga mag-aaral na kailanman ay hindi aksidente ang pagkakaibigan.

Pagganap:
Suring basa ng bahagi ng nobelang "Ang Munting Prinsipe"

Mga Batayang Kasanayan:
1. Nakapagsusulat ng sanaysay na

III. Pagtanaw

Tatanungin ang mga mag-aaral kung sino ang kilala nilang prinsipe at kung ano sa palagay nila ang ginagawa ng isang prinsipe.

Pagkatapos ay ipababasa nang tahimik sa mga mag-aaral ang *excerpt* mula sa "Ang Munting Prinsipe."

IV. Baybayan

Ipagagawa sa mga mag-aaral ang pagsasanay.

V. Pagpalaot

Ipagagawa sa mga mag-aaral ang gawain sa *worktext*. Pagkatapos ay magbabahaginan ang buong klase ng tungkol sa kanilang isinulat.

VI. Lambat-wika

Tatalakayin ang panunuring pampanitikan at kung paano ito ginagawa.

Panunuring Pampanitikan

Panunuring pampanitikan ang tawag sa malapitang pagbabasa ng isang akdang pampanitikan sa gabay ng iba't ibang lapit o dulog. Teoryang pampanitikan ang tawag ng ilan sa mga lapit o dulog na ito. Ilang halimbawa ay realismo, istrakturalismo, pormalismo, at iba pa. Maaaring gumamit ng iba't ibang midyum bilang interpretasyon ng pagsusuri. Maaaring sumulat ng isang malikhaing akda bilang pagsusuri sa isa ring malikhaing akda. Maaari ring ipakita sa isang *video* ang pagsusuri. Pero pinakakaraniwang representasyon ng panunuring pampanitikan ang pasulat na artikulo.

Bilang pasulat na akda, ang panunuring pampanitikan ay sumusunod din sa kumbensyon ng pormal na pagsusulat ng artikulo. Gumagamit ito ng mga angkop na salita at isinusulat sa sistematikong pamamaraan.

	Naratibo	Pahayag
Simula	• Pamukaw na panimula hinggil sa tema ng kuwento • Pagpapakilala ng tauhan • Pagtukoy sa tagpuan	• Paglalahad ng pangunahing ideya at paksa • Pagbibigay ng *background* o kaligiran
Gitna	• Pagsentro sa pakikipagsapalaran ng tauhan at pagpapatingkad sa tunggalian	• Elaborasyon ng mga patunay, paliwanag, datos tungkol sa paksa • Pagbalanse ng mga pananaw o argumento
Wakas	• Resolusyon ng tunggalian • Kahihinatnan ng mga tauhan	• Buod ng napatunayan o mahahalagang isyu • Rekomendasyon

Mayroong instruksiyonal na materyal tungkol sa **Learning Objectives** na matatagpuan sa **Technology Enhancement CD**

naghahambing sa dalawang nasaliksik na nobela batay sa mga elemento ng nobela

2. Nasusuri ang dulang pinanood at pinakinggan
3. Nakapagtatanghal ng dula batay sa isang tagpo mula sa binasang akda

Mayroong instruksiyonal na materyal tungkol sa **Acquisition Strategies** na matatagpuan sa **Technology Enhancement CD**

Ika-21 Siglong Kasanayan:
Komunikasyon

Kritikal na pagsusuri/ pag-iisip

Kagamitan:
Internet

Sanggunian:
Ang Munting Prinsipe, Antoine de Saint-Exupery salin ni Desiderio Ching, *Ang Munting Prinsipe.* Quezon City: Claretian Publications. 1991. 62–72.

Daloy	• Maaaring linyar o di-linyar	• Linyar
Uri ng sulatin	• Katha (*fiction*), malikhaing sanaysay (*creative nonfiction*)	• Iskolarling papel, lathalaing balita, sanaysay, papel sa pananaliksik

Pagkatapos ng talakayan ay magpapasaliksik sa mga mag-aaral ng isang halimbawa ng panunuring pampanitikan. Tutukuyin ang iba't ibang impormasyon na makikita sa bahagi ng halimbawang nasaliksik. Gagamiting gabay ang talahanayan:

Pamagat ng panunuring pampanitikan	
Akdang sinuri	
Lapit o dulog pampanitikan na ginamit	
Simula	
Gitna	
Wakas	

Pagsasalita: Pagtatanghal ng bahagi ng kuwento

Hahatiin ang klase sa mga grupong may tiglilimang miyembro. Magpapalabunutan ang bawat grupo kung alin sa mga sumusunod na tagpo ang kanilang isasadula:

1. Pakikipag-usap ng munting prinsipe sa eko
2. Ang dalawang okasyon na nakausap ng munting prinsipe ang mga rosas sa hardin
3. Pagpapaamo ng munting prinsipe sa alamid
4. Pag-alala ng munting prinsipe sa iniwan niyang tirahan
5. Pagpapaalam ng munting prinsipe sa alamid

Bibigyang-diin na kailangang maging bahagi ng pagsasadula ang lahat ng miyembro ng grupo. Kung kakaunti lamang ang tauhan, dapat makaisip ng paraan ang mga miyembro kung paano magiging bahagi ng pagtatanghal ang bawat isa.

Pakikinig: Pagsasalaysay ng tunggalian

Ipasusuri sa mga mag-aaral ang dulang itinanghal ng mga kaklase. Gagamiting gabay sa pagsusuri ang talahanayan:

Uri ng Tunggalian	Paliwanag	Dahilan
Pagsasadula 1		
Pagsasadula 2		
Pagsasadula 3		
Pagsasadula 4		
Pagsasadula 5		

Pagbasa at Pagsulat: Paghahambing ng akda

Pahahanapin ang bawat isang mga mag-aaral ng iba pang mga kuwento o nobela tungkol sa pakikipagkaibigan. Ikukumpara ang "Ang Munting Prinsipe" sa kuwento o nobelang napili batay sa mga bahagi nito. Gagamitin ang talahanayan bilang gabay sa gawaing ito:

	Kuwentong/ Nobelang Napili	Ang Munting Prinsipe
Simula		
Gitna		
Wakas		

Pagkatapos gawin ng mga mag-aaral ang gawain, hahatiin sa maliliit na grupong may limang miyembro ang buong klase at pagawan ng sariling wakas ang binasang kuwento ng "Ang Munting Prinsipe." Pagkatapos ay ibabahagi ito sa klase.

Rekomendasyong gawaing pangremedyal:

Pagbasa at Pagsulat

Muling ipababasa sa mga mag-aaral ang akdang "Ang Munting Prinsipe" at ipahahanay sa kanya ang mga tauhan at mga katangian ng mga tauhan. Ibabahagi sa klase ang iyong ginawa.

Mga gabay na tanong:

1. Kung ikaw ang munting prinsipe, gagawin mo ba ang ipinapagawa sa iyo ng alamid? Bakit?
2. Kung ikaw ang munting prinsipe, ano pa ang mga bagay na gusto mong matutunan upang maging mas mabuting prinsipe?

VII. Lambat-panitik

Elemento ng Nobela

Ang nobela ay isang mahabang kuwento na binubuo ng maraming kabanata. Ang kuwento'y maaaring nakasentro sa iisang banghay o kaya sa isang banghay na may maliliit na banghay sa kabuuan ng nobela.

Ipagawa sa mga mag-aaral ang pagsasanay.

Pag-angkla

Mungkahing Gawaing Pangremedyal

Kung hindi gaanong naunawaan ng mga mag-aaral ang mga bahagi ng aralin, iminumungkahi sa guro ang sumusunod na gawain:

1. Paghanapin ng kapareha ang mga mag-aaral at muling ipabasa sa kanila ng sabay ang teksto. Hayaan silang pagnilayan ang teksto at ipatala sa kanila ang mahahalagang aral na nakuha sa kuwento. Pagkatapos ay hayaan silang ipaliwanag ang mga naitala.
2. Muling bigyan ng pagkakataon ang mga mag-aaral na manaliksik ng panunuring pampanitikan. Pagkatapos ay tukuyin niya ang mahahalagang bahagi nito at pangatwiranan kung mahusay o hindi ang panunuri ng may-akda sa panitikan. Magiging gabay niya ito sa pagbuo ng sariling panunuri.

VIII. Baybay-kultura

Panunuyong Pilipino

Maihahambing sa suyuan ng mga Pilipino ang pagpapaamo na ipinaliwanag ng Alamid sa Munting Prinsipe. Proseso ito ng pagpapalagayang-loob ng mga Pilipino. Mahalaga sa mga Pilipino ang pagkakapalagayang loob bilang simula ng pagkakaibigan.

Popular na halimbawa ang panunuyo ng isang binata sa isang dalaga. Sa kasalukuyan ay tinatawag itong "ligawan." Ngunit ang suyuan ay iba pa sa modernong ligawan. Sa panunuyo ng isang binata sa isang dalaga, sinisikap niyang makita ng dalaga at ng pamilya nito ang mababuti niyang katangian. Kapag nagtagumpay siya sa layuning ito, saka lamang "aamo" ang dalaga at ang kanyang pamilya sa nanunuyong binata.

Ngunit dapat mong malaman na ang panunuyo ay hindi lamang limitado sa romantikong pagsusuyuan. Maaari itong mangyari sa anumang sinisimulan, inaayos, o pinagbubungang relasyon.

Pagkatapos ng talakayan, magtatanong sa mga mag-aaral kung sino sa palagay nila ang dapat nilang suyuin at kung paano nila ito gagawin.

IX. Lambat-likha

Magpapasaliksik sa mga mag-aaral ng tungkol sa iba't ibang paraan ng panununing pampanitikan. Maaaring magkaroon ng talakayan sa klase tungkol sa mga nasaliksik nilang mga paraan ng panununing pampanitikan.

Pagkatapos ng talakayan, papipiliin ang mga mag-aaral ng isang paraan ng panununuring pampanitikan na sa palagay nila ay angkop na gamitin upang suriin ang akdang "Ang Munting Prinsipe." Susuriin ang nobela gamit ang napili mong dulang pampanitikan.

Pagkatapos ng ginawang pagsusuri, maaaring ibahagi sa klase ang sinulat ng ilang mga mag-aaral.

Mamarkahan ng mga mag-aaral ang sarili batay sa husay ng kanilang ginawa. Isang (1) punto ang pinakamababa, lima (5) ang pinakamataas.

Pinili ko ang pinakaangkop na pampanitikang lapit sa akdang "Ang Munting Prinsipe."	
Sinunod ko ang paraan ng paglalapat ng pampanitikang lapit sa akdang" Ang Munting Prinsipe," ayon sa aking nasaliksik.	
Natugunan ko ang lahat ng kinakailangang bahagi ng pagsusuri.	
Naipahayag ko ang sarili kong pagtingin sa akdang "Ang Munting Prinsipe" gamit ang napiling pampanitikang lapit.	
Gumamit ako ng mga angkop na salita at naisulat ko nang malinaw at tama ang aking mga pangungusap.	
Kabuuang Puntos	

X. Baybay-nilay

Ang pagkakaibigan kailanman ay hindi aksidente. Isa itong relasyon na binubuo, inaalagaan at patuloy na pinagyayabong. Isang pangyayaring hindi maaaring basta na lamang inaasa sa tadhana.

Ipagagawa sa mga mag-aaral ang gawain at pagkatapos ay magkakaroon ng bahaginan sa klase tungkol sa kanilang ginawa.

XI. Pagdaong

Pagtataya.

Pasagutan sa mga mag-aaral ang sariling pagtataya upang matiyak kung natamo ang mga layunin ng bawat aralin. Kung may mga layuning nahirapang abutin ang mga mag-aaral, maaaring ipagawa ang mga mungkahing gawaing pangremedyal na nasa ikalawang hanay.

Mga Layunin	Mungkahing Gawaing Pangremedyal
1. Naisalaysay ang tunggalian sa pagitan ng mga tauhan batay sa kanilang mga pananalita	Ipatukoy muli ang mga tunggalian ng binasang akda. Ipaliwanag kung anong uri ito ng tunggalian. Pagkatapos, magtanong ng mga akda na kanilang nabasa o napanood na may katulad din tunggalian at ipakuwento ito. Maaari ring ipahambing ang tunggalian ng binasang akda at ng iba pang akdang kanilang binasa o pinanood.
2. Nasuri ang nobela bilang isang akdang pampanitikan	Muling ipasuri sa mga mag-aaral ang binasang nobela at ipalista sa kanila ang mga elemento nito at kung saan at anong bahagi ng nobela matatagpuan ang mga ito.
3. Nakapaghambing ang mga akda sa magkakaparehong *genre* batay sa mga tiyak na elemento	Papiliin ang mga mag-aaral ng isa pang nobela na babasahin ng mga mag-aaral at ipahambing ito sa binasang nobela. Gamitin ang mga elemento ng nobela sa paghahambing at ang estilo ng manunulat.
4. Nakabuo ng sariling wakas ng napanood na bahagi ng teleserye	Magpagawa sa mga mag-aaral ng sariling wakas ng isang teleseryeng pipiliin. Ipapaliwanag ng mga mag-aaral kung bakit ito ang gusto nilang sariling wakas.
5. Naitanghal ang pinakamadulang bahagi ng nobela	Papiliin ang mga mag-aaral ng sa palagay niya ay pinakamadulang bahagi ng nobelang binasa. Ipapaliwanag niya kung bakit niya sinabing iyon ang pinakamadulang bahagi ng nobela. Pagkatapos ay babasahin niya ito na gamit ang damdaming ipinahahayag ng bahaging pinili niya.
6. Nagamit ang mga angkop at mabisang pahayag sa pagsulat ng panunuring pampanitikan	Muling ipasulat sa mga mag-aaral ang isinulat na panunuring pampanitikan batay sa mga komentong inilagay ng guro.

Mga Sagot sa Pagsasanay

Baybayan

1. Madaling paamuin ang mga aso kaya masarap silang alagaan.
   Kahulugan: pasunurin
   Pangungusap: Subukan mong paamuin ang alaga kong aso upang hindi ka na niya tinatahulan.
2. Nakarinig ako ng mga yabag na tila humahabol sa akin kagabi, takot na takot ako.
   Kahulugan: tunog ng paa habang naglalakad
   Pangungusap: Dahan-dahan sa paglalakad at baka magising si Lola sa mga yabag mo.
3. Napakaligalig mo, may problema ka ba?
   Kahulugan: hindi mapakali
   Pangungusap: Kapag masyadong maligalig ang bata, maaring siya ay kinakabag o kaya'y nagugutom.

4. Dahil nandito na rin naman, magbakasakali na tayo kesa naman matalo na hindi man lang lumaban.
   Kahulugan: susubok
   Pangungusap: Pumunta tayo sa Q-Mart, magbakasakali tayong makabili doon ng mga sariwang gulay kahit tanghali na.
5. Ganito naman daw talaga kapag nagdadalaga o nagbibinata, dumadami ang ritwal bago matulog.
   Kahulugan: regular na ginagawa
   Pangungusap: Ang ating mga ninuno ay maraming mga ritwal na ginagawa bago magtanim bilang pagrespeto sa kalikasan.

Lambat-panitik

Elemento	Detalye
Mga tauhan (bida, kasama ng bida, kontrabida)	Alamid, mga rosas, ang munting prinsipe
Tunggalian at uri ng tunggalian	Tunggalian ng pananaw, tao *vs*. sarili
Tagpuan (lugar at panahon)	Sa lugar ng mga tao
Tema	Kahalagahan ng pakikipagkaibigan
Pinakatampok na bahagi	Ang pagbibigay ng alamid ng regalo sa munting prinsipe

Aralin 13 – TAMA ANG TATAY NI CHRIS

Mga Salitang Di-lantad ang Kahulugan

***Genre*/Akdang Pampanitikan:**
Sanaysay na Naghihikayat

Bilang ng sesyon: 4-5 sesyon

I. Abot-tanaw

Layunin ng araling ito na matamo ng bawat mag-aaral ang sumusunod:

1. Naiuugnay ang napakinggan sa sariling saloobin at damdamin
2. Nasusuri ang mga argumento ng binasang akda
3. Nabibigyang-kahulugan ang mga salitang di-lantad ang kahulugan sa tulong ng iba pang salita
4. Nasusuri ang napanood na pagbabalita
5. Naipapahayag ang sariling kaalaman at opinyon tungkol sa isang paksa sa isang talumpati
6. Nakasusulat ng isang talumpati
7. Nasusuri ang kasanayan at kaisahan sa pagpapalawak ng pangungusap

II. Balik-tanaw

Ipagpalagay na isa kang *newscaster* sa telebisyon. Ibalita mo ang nasaksihang pangyayari na lubhang nakaantig sa iyong damdamin.

Mahalagang Tanong:
Ano ang kaugnayan ng pag-aaral ng sanaysay sa pagpapahalagang pansarili at sa kultura ng bansa at ng mundo sa kabuuan?

Mahalagang Pag-unawa:
Ang sanaysay ay nagpapaliwanag at humihikayat na suriin ang mga pagbabagong nagaganap kaugnay ng pagpapahalagang pansarili at sa kultura ng bansa at daigdig sa kabuuan nang sa gayon ay maging mula sa mga pangyayari at pagbabago sa paligid.

Pagganap:

Pagbuo ng *video clip* tungkol sa kultura ng kabataang Pilipino sa kasalukuyan

III. Pagtanaw

Tatalakayin muna kung ano ang sanaysay at pagkatapos ay ipababasa nang tahimik sa mga mag-aaral ang sanaysay na "Tama ang Tatay ni Chris" ni Adam Gopnik na isinalin ni Mawen Ricohermoso sa wikang Filipino.

IV. Baybayan

Bawal Sabihin ang Salita

Ang larong ito ay sasalihan ng buong klase. Hahatiin ang klase sa dalawa hanggang apat na grupo. Ang layunin ng mga kalahok ay hulaan, sa pinakamabilis na oras, ang isang salita.

Tatawag ng isang mga mag-aaral para bunutin ang salitang ipahuhula. Siya lamang at ang guro ang maaaring makaalam ng salitang pahuhulaan. Magbibigay siya ng iba pang mga salita na kaugnay ng pinahuhulaan. Maaari niyang gamitin ang lahat ng salita maliban sa pinahuhulaan.

Ang pinakaunang makahuhula ng salitang pinahuhulaan ang makakakuha ng puntos.

V. Pagpalaot

Ipagagawa sa mga mag-aaral ang gawaing nasa *worktext*. Pagkatapos ay magkakaroon ng talakayan at palitan ng mga pananaw sa klase tungkol sa paksang tinatalakay.

Mga gabay na tanong:

1. Ano-anong mga napapanahong isyu sa ating bansa ang maaaring iugnay sa sanaysay?
2. Ano ang iyong paninindigan tungkol dito?
3. Kung isa kang mambabatas, anong batas ang iyong ipanunukala upang maiwasang maulit ang hindi magagandang pangyayari? Bakit?

VI. Lambat-wika

Mga Salitang Di-lantad ang Kahulugan

Ipagagawa sa mga mag-aaral ang pagsasanay.

Pagkatapos gawin ang gawain ay magkaroon ng bahaginan sa klase ng naging sagot ng mga mag-aaral, magkakaroon ng talakayan tungkol sa kahalagahan ng *transitory devices*.

Sabihin: Pinag-aralan sa Aralin 10 ang mga *transitory devices*. Nakita mo kung gaano kaimportante ang paggamit ng mga tamang salita para mapadaloy nang maayos ang isang naratibo.

Hindi lamang sa isang artikulo o mahabang naratibo kailangan ang mga salitang nag-uugnay. Maging sa loob ng isang pangungusap, o sa pagdidikit nito sa susunod na pangungusap ay kailangan din ang kasanayan sa pagpili at paggamit ng angkop na salita. Sa ganitong paraan, mapapalawak mo ang pangungusap at makapagsasabi ka ng mas maraming impormasyon na hindi kinakailangan ng marami at mahabang pahayag.

Mga Batayang Kasanayan:

1. Nakapagbibigay ng sariling opinyon tungkol sa pinanood at pinakinggang talumpati
2. Nakapagsusulat ng isang talumpati na kaugnay ng usaping mula sa binasang sanaysay at sa isang pangyayari sa bansa
3. Naibabahagi sa klase ang isinulat na talumpati sa pamamagitan ng isa sa mga sumusunod: pagbabalita, lektyur, presentasyon, at talumpati
4. Nauunawaan at nagagamit ng wasto ang mga *transitory devices* sa pagpapalawak ng pangungusap

Ika-21 Siglong Kasanayan:

Komunikasyon

Kritikal na pagsusuri/ pag-iisip

Pagiging malikhain

Mayroong instruksiyonal na materyal tungkol sa **Acquisition Strategies** na matatagpuan sa **Technology Enhancement CD**

Mga Kagamitan:

Internet

Computer

CD para sa *video clip*

Camera/cellphone na may *camera*

Sanggunian:

Tama ang Tatay ni Chris, salin ni Mawen Ricohermoso sa artikulo ni Adam Gopnik na "*Christopher Michael-Martinez's Father Gets It Right*" mula sa

Pagkatapos ng talakayan, gagawin ang pagsasanay na nasa *worktext* tungkol sa mga impormasyon tungkol sa Pilipinas na maaaring ipagmalaki sa mundo.

1. Magbigay ng limang impormasyon tungkol sa bansang Pilipinas na maaaring maipagmalaki sa buong mundo.
2. Pagsama-samahin sa isa hanggang dalawang pangungusap ang limang impormasyong isinulat mo tungkol sa Pilipinas.

Pagsulat at Pagsasalita: Pagsulat at pagpahayag ng kaalaman at opinyon sa pamamagitan ng talumpati

Pasusulatin ng isang maikling talumpati ang mga mag-aaral kaugnay ng usapin sa sanaysay na "Tama ang Tatay ni Chris." Gumamit ng isang tiyak na pangyayari sa bansa.

Pagkatapos ng pagsusulat ay ibabahagi ng bawat isang mga mag-aaral ang kanilang sinulat na talumpati sa alinman sa mga sumusunod na paraan:

1. Pagbabalita
2. Lektyur
3. Presentasyon
4. Talumpati

Pakikinig: Pag-ugnay ng napakinggan sa sariling saloobin

Papakinggang mabuti ng mga mag-aaral ang kanilang mga kaklaseng nagbibigay ng talumpati. Pagkatapos ay magbibigay sila ng opinyon tungkol sa kanilang napakinggan. Ipaaalala sa mga mag-aaral na ang opinyon ay maaaring pagsalungat, pagsang-ayon, o pagdagdag ng sariling kaalaman sa napakinggan.

Panonood at Pagsulat: Nasusuri ang napanood na balita

Magpapahanap ng balita sa *Internet* tungkol sa nagbabagong kultura ng iba't ibang mga bansa. Susuriin ang balita gamit ang *graphic organizer*.

VII. Lambat-panitik

Sanaysay na Nanghihikayat

Ang sanaysay na naghihikayat ay naglalayong kumumbinsi sa mga mambabasang maniwala sa mga pahayag na ipinagpapalagay na totoo ng may-akda, isabuhay ang kaparehong pagpapahalaga ng may-akda, tanggapin ang kanyang mga argumento at kongklusyon, at angkupan ang kanyang pamamaraan ng pag-iisip. Isang napakahalagang sangkap nito ang mahusay na paghahanay ng mga argumento at pagbuo ng kongklusyon na naaayon sa mga argumento. Ang madalas na nagiging kapintasan ng isang mapanghikayat na sanaysay ay ang hindi maingat na pagbuo ng argumento at kongklusyon.

Magkakaroon ng palitan ng opinyon sa klase tungkol sa sumusunod na mga pahayag:

1. Hindi na maganda ang kultura ng mga kabataan ngayon.
2. Hindi na kasi ito katulad ng kultura ng mga kabataan noong nagdaang panahon.
3. Kaya naman hindi na din kaaya-aya ang kulturang Pilipino sa kasalukuyan.

http://www.newyorker.com/online/blogs/newsdesk/2014/05/christopher-michael-martinezs-father-gets-it-right.html

Mayroong instruksiyonal na materyal tungkol sa **Learning Evidences** na matatagpuan sa **Technology Enhancement CD**

Mayroong instruksiyonal na materyal tungkol sa **Learning Evidences** na matatagpuan sa **Technology Enhancement CD**

Pag-angkla

Mungkahing Gawaing Pangremedyal

Kung hindi gaanong naunawaan ng mga mag-aaral ang mga bahagi ng aralin, iminumungkahi sa guro ang sumusunod na gawain:

1. Bukod sa muling pagpapabasa ng sanaysay sa mga mag-aaral, magpahanap din sa kanya ng mga kaugnay na *video* sa *www.youtube.com* o iba pang *website* sa *Internet* na may kaugnayan sa paksa ng binasang sanaysay. Maaari ring magbasa sila ng iba pang artikulong may kaugnayan dito. Pagkatapos ay ipasulat sa kanila ang iba't ibang argumentong matatagpuan sa sanaysay. Hayaan silang mangatwiran kung anong argumento ang pinapanigan nila.
2. Papanoorin ang mga mag-aaral ng mga talumpati ng kilalang personalidad sa *www.youtube.com* o iba pang *website*. Pagkatapos ay hayaan siyang irebisa ang naunang ginawang talumpati. Maaari niyang pagyamanin ito sa pamamagitan ng pagbabasa ng mga kaugnay na artikulo. Pagkatapos ay muli niyang bigkasin ito sa harap ng klase sa pamamagitan ng mga gabay na napanood niya sa iba't ibang *video*.

VIII. Baybay-kultura

RH Law at Pagpapahalaga sa Buhay

Bilang isang Kristiyanong bansa, naniniwala ang mga Pilipino sa pagiging sagrado ng buhay. Ano mang usaping may kaugnayan sa pagkitil o pagpigil dito ay tiyak na magiging debateng panlipunan at mahigpit na tututulan ng marami.

Isa sa napakaraming patunay dito ang *Reproductive Health Law* o *RH Law* na tila dumaan, at patuloy na dumadaan sa butas ng karayom bago tuluyang maipasa bilang isang batas. Taong 2013 hanggang unang bahagi ng 2014 nagkaroon ng malawakang debate tungkol sa naturang panukalang batas. Mahigpit na tinutulan ng mga Kristiyanong Pilipino, at maging ng iba pang grupo. Iba't iba man ang argumento at kontra-argumento, babalik at babalik ito sa pagpapahalaga ng mga Pilipino sa sagradong buhay ng tao.

Pagkatapos ng talakayan, papasulatin ng maikling sanaysay ang mga mag-aaral tungkol sa kung paano nila pinahahalagahan ang kanilang buhay. Pagkatapos ay ibabahagi nila ito sa klase.

IX. Lambat-likha

Bubuo sa klase ng mga grupong may limang miyembro. Magpapakolekta sa bawat grupo ng mga artikulo tungkol sa kultura ng mga kabataan sa bansa sa kasalukuyan. At pagkatapos ay pagagawan ng imbentaryo ng mga argumento ang mga kinuhang artikulo. Ibabahagi sa klase ang ginawang imbentaryo sa pamamagitan ng isang *video clip*.

Pamantayan sa pagbuo ng *video clip*:

1. Gumamit ng hindi bababa sa limang artikulo mula sa mga mapagkakatiwalaan at respetadong pahayagan o magasin.
2. Isa-isahin ang argumento ng bawat artikulo. Paghambingin ang argumento ng bawat artikulo.
3. Ibuod ang punto ng bawat artikulo.
4. Magbigay ng sariling palagay tungkol sa usapin.

Mayroong instruksiyonal na materyal tungkol sa **Learning Evidences** na matatagpuan sa **Technology Enhancement CD**

Napakahusay (3)	Mahusay (2)	Pagbutihin Pa (1)
Nakapagkolekta kami ng limang artikulo tungkol sa kabataang Pilipino sa kasalukuyan	Nakapagkolekta kami ng tatlo hanggang apat na artikulo tungkol sa kabataang Pilipino sa kasalukuyan	Isa hanggang dalawang artikulo lamang tungkol sa kabataang Pilipino sa kasalukuyan ang nahanap namin
Siniguro namin na mapagkakatiwalaang saligan ang pinagkunan namin ng lahat ng artikulo	Ilan lamang sa mga saligang pinagkuhanan namin ng artikulo ang siguradong mapagkakatiwalaan	Hindi na namin siniguro kung mapagkakatiwalaan ang mga saligang pinagkunan ng artikulo
Isinama namin sa *video* ang argumento ng lahat ng artikulo. Pinagsunod-sunod namin ang mga ito ayon sa tiyak na kaayusan	Isinama namin sa *video* ang argumento ng lahat ng artikulo pero hindi nakaayos ang mga ito ayon sa tiyak na disenyo	May ilang argumento kaming hindi isinama sa *video*
Inilahad namin sa *video* ang opinyon ng grupo tungkol sa paksa na naaayon din sa mga inilahad na argumento	Inilahad namin sa *video* ang opinyon ng grupo tungkol sa paksa ngunit hindi ito naaayon sa mga inilahad na argumento	Hindi naglahad ng sariling argumento ang grupo tungkol sa paksa
Binigyan ng gawain ang lahat ng miyembro ng grupo at naisagawa nang maayos ng bawat isa ang gawaing takda sa kanila	Binigyan ng gawain ang lahat ng miyembro ng grupo ngunit hindi naisagawa nang maayos ng ilan ang gawaing takda sa kanila	May ilang miyembro ng grupo na hindi nabigyan ng gawain

X. Baybay-nilay

Ipagagawa sa mga mag-aaral ang gawaing nasa *worktext*.

XI. Pagdaong

Pagtataya

Pasagutan sa mga mag-aaral ang sariling pagtataya upang matiyak kung natamo ang mga layunin ng bawat aralin. Kung may mga layuning nahirapang abutin ang mga mag-aaral, maaaring ipagawa ang mga mungkahing gawaing pangremedyal na nasa ikalawang hanay.

Mga Layunin	Mungkahing Gawaing Pangremedyal
1. Naiugnay ang napakinggan sa sariling saloobin at damdamin	Ipaalala sa mga mag-aaral ang pinakinggang talumpati at pasulatin siya ng sariling opinyon o palagay tungkol sa mga pahayag na napakinggan.
2. Nasuri ko ang mga argumento ng binasang akda	Muling ipabasa sa mga mag-aaral ang sanaysay at ipatala ang mga argumentong nabanggit. Pagkatapos ay magbibigay sila ng sariling palagay tungkol sa mga inilistang argumento.

3. Nabigyang-kahulugan ang mga salitang di lantad ang kahulugan sa tulong ng iba pang salita	Ipalista sa mga mag-aaral ang mga salitang sa palagay nila ay may mga hindi lantad na kahulugan at ipabigay ang kahulugan ng mga ito.
4. Nasuri ko ang napanood na pagbabalita	Muling manood ng balita at ipasuri ito gamit ang *graphic organizer* sa Panonood at Pagsulat.
5. Naipahayag ang sariling kaalaman at opinyon tungkol sa isang paksa sa isang talumpati	Ipaalala sa mga mag-aaral ang pinakinggang talumpati at pasulatin siya ng sariling opinyon o palagay tungkol sa mga pahayag na napakinggan.
6. Nakasulat ng isang talumpati	Muling ipasulat ang isinulat ng talumpati ng mga mag-aaral base sa mga komento ng guro.
7. Nasuri ang kasanayan at kaisahan sa pagpapalawak ng pangungusap	Maglilista ng limang pangungusap ang guro at ipapasuri sa mga mag-aaral: "Paano napalawak ang mga pangungusap?"

(Gagawin lamang ang mungkahing gawaing pangremedyal kung ang nilagyan ng tsek ay ang kolum ng HINDI.)

Mga Sagot sa Pagsasanay

Pagpalaot

A.

Mensahe: Kailangang ipagbawal na ang baril sa mga mamamayan.

↓

Argumento 1: Napatay si Christopher, kasama ang anim na iba pa, sa isang walang habas na pamamaril malapit sa eskwelahan.

↓

Argumento 2: Namatay si Christopher dahil sa mga duwag at iresponsableng pulitiko, at sa N.R.A.

↓

Argumento 3: Dahil inakit ng N.R.A. at mga pulitiko ang mga tao na humawak ng armas na ang tanging kayang gawin ay pumatay ng tao sa pinakamabilis at pinakamalalang paraan

↓

Kongklusyon: Kailangang ipagbawal ang baril sa mamamayan lalo na kung hindi naman sila alagad ng batas o hindi sila responsableng gumagamit nito. (Maaaring may ibang sagot ang mga mag-aaral.)

B.

1. Ang sanaysay ay para sa mga politiko at sa mga taong may mga baril.
2. Ayon sa sanaysay, ang argumento ng NRA ay may karapatan ang sinuman na humawak ng baril upang ipagtanggol ang sarili.

   Ang argumento naman ni Gopnik ay paano naman ang karapatan ni Michael at ng iba pa na naging biktima ng pamamaril?

   Ang aking argumento, _____
3. Ang gera laban sa hungkag na pananalita ay nangangahulugang kailangang magsabi tayo ng mahahalagang bagay sa pinakasimpleng paraan upang maunawaan ng lahat.
4. Malinaw at diretsong pananalita ang estilo ng awtor at sa aking palagay, ito ang naging lakas ng kanyang isinulat dahil tinalakay niya dito ang tungkol sa simpleng paraan ng pagsasalita upang mas mabilis na maunawaan ang mensaheng nais iparating.

Lambat-wika

Mga Salitang Di-lantad ang Kahulugan

May mga pangyayari sa buhay na hindi natin agad maintindihan. Sa simula, akala natin ay hindi magandang karanasan ngunit may ituturo pala sa atin. Saka pa lang natin maiintindihan kung bakit ito nangyari at bakit kailangang sa atin mangyari. Sa huli, ang lahat ng karanasan ay dapat maging daan para tayo ay lalong matuto sa buhay.

Aralin 14 – PANITIKAN SA ISANG URI NG *SOCIAL MEDIA (BLOG)*

Creative Non-fiction

***Genre*/Akdang Pampanitikan:**
Ang "Personal ay Politikal" sa Panitikan

Bilang ng sesyon: 4 na sesyon

I. Abot-tanaw

Layunin ng araling ito na matamo ng bawat mag-aaral ang sumusunod:

1. Nakikinig upang makalahok sa mapanuring talakayan sa klase
2. Nabibigyang-puna ang mga nababasa sa *social media* (pahayagan, *Internet* tulad ng Facebook, *e-mail*, at iba pa)
3. Natutukoy at nabibigyang-kahulugan ang mga salitang karaniwang nakikita sa *social media*
4. Natutukoy ang mga popular na anyo ng panitikan na karaniwang nakikita sa *social media*
5. Naibabahagi nang buong sigla ang inilathalang sariling akda
6. Naisusulat ang sariling akda at nailalathala ito sa alinmang *social media*

Mahalagang Tanong:
Ano ang kahalagahan ng pag-aaral ng pagsulat ng *blog* para sa mga kabataan?

Mahalagang Pag-unawa*:*
Ang pag-aaral ng pagsulat ng *blog,* bilang isang akdang pampanitikan ay nakakatulong sa mga kabataan upang maging responsableng "*Internet user.*"

Pagganap:
Paggawa ng *blog entry*

Mga Batayang Kasanayan:
1. Nauunawaan ang napanood na maikling pelikula at mula dito ay nakapagsusulat

7. Nagagamit ang kahusayan sa gramatikal at diskorsal na pagsulat ng isang organisado at makahulugang akda

II. Balik-tanaw

Ipagagawa sa mga mag-aaral ang gawaing nasa *worktext*.

III. Pagtanaw

Magkakaroon ng talakayan sa klase tungkol sa *social media* at sa pagsusulat ng *blog*.

IV. Baybayan

Ipagagawa sa mga mag-aaral ang pagsasanay.

V. Pagpalaot

Magkakaroon ng talakayan sa klase tungkol sa binasang artikulo.

Mga gabay na tanong sa talakayan:

1. Ano-ano ang iba't ibang uri ng *blog* batay sa layunin nito?
2. Ano-ano ang katangian ng isang mahusay na *blog*?
3. Paano makakatulong ang *blogging* sa pag-aaral ng wika at panitikang Filipino?
4. Sa tingin mo, paano makakatulong ang *blogging* sa pag-unlad ng panitikan ng Pilipinas?
5. Ano ang inisyal ng paksang nais mong sulatin para sa *blog* na gagawin sa proyekto? Pangatwiranan mo ang halaga nito para sa sarili at mambabasa.

Pagkatapos ng talakayan at palitan ng mga palagay ay ipababasa sa mga mag-aaral ang *http://rolandotolentino.wordpress.com/*. Ipasusuri ang *blog entry* at titingnan ang halaga nito batay sa panukatang tinalakay. Pipili ng mga mag-aaral na magbabahagi ng kanilang sinulat sa klase.

VI. Lambat-wika

Magkakaroon ng talakayan sa klase tungkol sa *creative non-fiction* at *online workshop*. Ipaliliwanag kung paano ito ginagawa, ang mga katangian ng mga ito, at ang iba't ibang porma nito.

Creative Non-fiction* at *Online Workshop

Ang *creative non-fiction* (CNF) ay tinatawag ring *literary non-fiction* o *narrative non-fiction*. Relatibong bagong *genre* sa malikhaing pagsulat na gumagamit ng istilo at teknik na pampanitikan upang makabuo ng makatotohanan at tumpak na salaysay o narasyon. Iba ito sa peryodismo o teknikal na pagsulat dahil kahit naghahayag ito ng katotohanan, mahalaga rin ang poetika at *literariness* sa akdang ito.

Ilan sa mga katangian at layunin ng CNF ang maging makatotohanan, ibig sabihin ay naglalahad ng tunay na karanasan, naglalarawan ng realidad ng natural na mundo at hindi bunga ng imahinasyon. Ang pangunahing layunin nito ay maglahad ng impormasyon sa malikhaing paraan. Ang iba't ibang porma ng CNF ay *biography*, *food writing*/*blogging*, *literary journalism* (*feature writing*), *memoir*, *personal essay*, *travel writing*.

ng maikling pagsusuri tungkol sa magkaibang pananaw sa edukasyon at pagtuturo
2. Pagsulat ng isang *creative non-fiction* na ia-*upload* sa *website* bilang isang *blog entry*
3. Pagtalakay sa klase ng ginawang *blog entry*
4. Nakapagbubuo ng mga regulasyon para sa pagkokomento ng mga sinulat na *creative non-fiction*

Ika-21 Siglong Kasanayan:
Komunikasyon

Kritikal na pagsusuri/ pag-iisip

Literasi sa pagamit ng *multimedia*

Mga Kagamitan:
Internet

Sanggunian:
Orkestradong Kilig sa Romantikong Komedi *http://rolandotolentino.wordpress.com/*

"Faculty," maikling pelikula ni Jerold Tarog

Mayroong instruksiyonal na materyal tungkol sa **Learning Evidences** na matatagpuan sa **Technology Enhancement CD**

Ayon kay Barbara Lounsberry sa "*The Art of Fact*," ang apat na katangian ng CNF ay:

1) Maaaring maidokumento ang paksa at hindi inimbento ng manunulat;
2) Malalim ang pananaliksik sa paksa – ito ay upang mailatag ang kredibilidad ng narasyon;
3) Mahalaga ang paglalarawan sa lunan at kontekstwalisasyon ng karanasan; at
4) Mahusay ang panulat o *literary prose style*. Ibig sabihin mahalaga ang pagiging malikhain ng manunulat at husay ng gamit sa wika.

Magagamit ang iba't ibang *narrative device* gaya rin ng maikling kwento, basta't nagiging tapat sa katotohanan gaya ng sumusunod:

1. Diyalogo
2. Iba't ibang kronolohiya ng narasyon
3. Iba't ibang hulwaran ng organisasyon
4. Pagsisipi (*quotation*) sa mahahalagang bahagi ng tula, kasabihan at iba pa.

Mahalaga rin ang *insight* o nalilikhang pananaw ng isinasalaysay na karanasan. Ang *creative non-fiction* ay hindi lamang basta makapagkuwento ng karanasan, kundi upang makita ang mas malalim na implikasyon nito sa karanasan ng nakararami at ng lipunan. Maaaring tuwiran o hindi tuwirang inilalahad ang *insight* ng akda. Ang mga akdang di-tuwiran ang *insight* ay gumagamit ng mga simbolismo o kaya ay nagsasalaysay ng tiyak na karanasan upang maipakita ang aral at pananaw ng akda habang sa tuwiran naman ay sinasabi ng diretso ng may-akda ang kanyang pananaw sa tiyak na karanasan.

Online Workshop

Kaiba sa tradisyonal na *workshop*, maaari ring gawin ang *online workshop* sa pamamagitan ng *blogging*. Isa sa mahahalagang katangian ng *online workshop* ang pagiging interaktibo. Layunin ng *workshop* na magbigay ng mga puna at komento ang ibang tagabasa sa isang akdang isinulat upang mas mapabuti at mapaganda ito. Sa halip na gawin ng magkakaharap, madalas ay episyente rin ang *online workshop* dahil maaari kang sumali sa talakayan at diskusyon kahit na nasaan ka, basta't may *Internet connection*. Sa pamamagitan din nito, nahihikayat ang makabuluhang paggamit ng *Internet* at oras.

Diskursal ang katangian ng komunikasyon sa *online workshop* dahil pumapasok sa isang pampublikong dayalogo sa isang birtwal na espasyo. Nagaganap din ang makatwirang argumentasyon gamit ang wika na nagpapaunlad din sa kritikal na pag-iisip ng mga lumalahok dito.

Gawaing Pangwika

Hahatiin sa apat na grupo ang klase na siya na ring magiging grupo sa paggawa ng proyekto. Pabubuuin ang bawat grupo ng mga batas at regulasyon sa pagkokomento ng kanilang mga ginawang *blog entry*.

Ipagagawa ang kasunod na gawain pagkatapos nilang maglista ng mga regulasyon.

Mayroong instruksiyonal na materyal tungkol sa **Learning Evidences** na matatagpuan sa **Technology Enhancement CD**

Pakikinig/Panonood: Pagsusuri ng napakinggan at napanood

Ipapanood sa mga mag-aaral ang *www.youtube.com*. Ito ay isang maikling pelikula ni Jerold Tarog na "*Faculty*." Nagpapakita ito ng dalawang magkaibang pananaw hinggil sa edukasyon at pagtuturo. Ipasasagot sa mga mag-aaral ang mga tanong sa *worktext*.

Pagsulat: Pagbahagi ng isinulat sa isang *social media*

Mula sa pagtalakay ng iba't ibang uri ng *blog*, posibleng maging paksa at katangian nito, tiyak na may ideya ka na sa paksang nais isulat. Binigyan ka na rin ng malinaw na katangian at teknik kung paano isusulat ang *creative non-fiction* bilang isang genreng pampanitikan. Sa unang bahagi ng aralin ay nagdesisyon ka na kung anong paksa ang isusulat mo. Ngayon ay maaari mo nang gawin ang sumusunod:

1. Gawing pinal ang paksa.
2. Gumawa ng balangkas.
3. Isulat ang unang *draft* ng *creative non-fiction*.
4. Gagraduhan ang iyong indibidwal na *creative non-fiction* batay sa sumusunod na panukatan.
5. Ibahagi ang nabuong sulatin sa isang *social media*.

Batayan ng grado	Kaukulang Puntos	Grado
Makabuluhan at makahulugan ang paksang napili	10	
Malalim ang pananaliksik upang ipakita ang makatotohanang kontekstwalisasyon ng akda	10	
Mabigat at matalas ang insight o pananaw ng akda at mahusay ang paglalahad nito	10	
Maayos ang daloy at pagkakaugnay-ugnay ng mga bahagi	10	
Kabuuang Puntos	(40)	

Pagsasalita: Pagbabahagi ng sariling akda

Ipapa-*upload* sa bawat grupo ang nabuo nilang *creative non-fiction*. Pagkatapos nila itong gawin, tatalakayin nila sa klase ang kanilang ginawang *blog* at ibibigay sa mga kaklase ang *link* ng *blog site*. Pagkatapos nito ay magtatakda rin sila ng iskedyul para sa *online workshop*.

VII. Lambat-panitik

Ang "Personal ay Politikal" sa Panitikan

Magkakaroon ng talakayan sa klase tungkol sa paksang tinalakay ng bawat grupo sa kanilang ginawang *blog site*. Pagkatapos ay tatalakayin ang tungkol sa paksang Ang "Personal ay Politikal" sa Panitikan.

Pagkatapos itong talakayin, tatanungin ang mga mag-aaral kung ano sa palagay nila ang mabigat na pananaw o *insight* sa kanilang sinulat na *creative non-fiction* ang lalagpas sa usapin ng personal.

Pinasikat ni Carol Hanisch, isang feminista, ang mga katagang "Ang personal at politikal" sa panahon ng malawakang kilusan ng mga kabataan at kababaihan noong dekada '60. Mahalagang pananaw ito upang gabayan ang mga mag-aaral na nabubuslo sa pagsulat ng mga panitikang personal ang paksa ngunit nagtatapos lamang sa pagiging personal. Ayon sa kilusang ito, mainam kasi na kahit ang pinaka-personal na karanasan ay nailulugar sa mas malawak na konteksto ng lipunan. Malinaw dapat ang ugnayan ng dalawang ito.

Maiuugnay sa teorya ng sosyolohikal na imahinasyon ng Amerikanong sosyolohista na si C. Wright Mills ang ideya ng pag-uugnay ng personal sa politikal. Ayon kay C.W. Mills, upang makamit ang sosyolohikal na imahinasyon, kailangang bawat mamamayan ng daigdig ay magkaroon ng isang uri ng kamalayan kung saan nagagawa niyang iugnay ang personal na biyograpiya sa kasaysayan ng daigdig. Ayon pa sa kanya, magagawa lamang ito kung mulat na iuugnay ng tao ang bawat personal na karanasan sa mas malalalim na implikasyong panlipunan. Kailangang matalas na suriin ng tao ang lipunan upang magawa ito.

Sa panitikan at pagsusulat, maraming awtor sa Pilipinas ang ginagabayan ng ganitong uri ng kamalayan. Madalas na ang mga akdang ito ang kinakikitaan ng kabuluhan at kahalagaan. Sa pagsulat ng *creative non-fiction* at iba pang uri ng personal na sanaysay, dapat na isaalang-alang ng mga manunulat na hindi dahil personal ay magpapakupot na rin sa makitid at personal na pagsusuri. Kailangang makita ang bigat ng pananaw batay sa mas malawak na karanasang panlipunan.

Pag-angkla

Mungkahing Gawaing Pangremedyal

Kung hindi gaanong naunawaan ng mga mag-aaral ang mga bahagi ng aralin, iminumungkahi sa guro ang sumusunod na gawain:

1. Bigyan ng panahon ang mga mag-aaral na humanap ng halimbawang *creative non-fiction*. Pagkatapos ay ipasuri sa kanila kung tumupad ito sa mga katangian ng mahusay na *creative non-fiction* batay sa mga elementong ibinigay ni Barbara Lounsberry.
2. Magpabasa ng iba't ibang *blog entries* sa mga mag-aaral batay sa kanyang interes. Pagkatapos ay pasulatin sila ng isang konseptong papel kung ano ang naiisip nilang lalamanin ng sariling *blog entry*. Magiging bahagi ng konseptong papel ang Pamagat, Layunin, at Buod ng Nilalaman ng gagawing *blog*.

VIII. Baybay-kultura

***Blogging* Bilang Porma ng Demokrasya**

Magkakaroon ng talakayan sa klase tungkol sa *blogging* bilang isang anyo ng demokrasya. Pagkatapos ay magpapasulat ng isang maikling sanaysay tungkol sa karanasan ng mga mag-aaral na nakibahagi sa isang *online forum*. Pagkatapos magsulat ay pumili ng mga mag-aaral na magbabahagi ng kanilang karanasan sa klase.

Ginagarantiya ng Konstitusyon ng Pilipinas ang karapatan ng bawat mamamayan sa demokratikong pamamahayag. Isa ito sa mahahalagang katangian ng isang lipunan na may tunay na demokrasya. Kapag binalikan ang kasaysayan, iba't ibang porma na ng pagkilos ang ginawa ng mga mamamayan upang ipagtanggol ito at pigilan ang panunupil sa batayang karapatang ito.

Ang pag-unlad ng *social media*, partikular na ang *blogging* sa bansa, ay lalong nagpayabong sa demokratikong kultura sa Pilipinas. Sa pamamagitan ng *Internet*, nakagagawa ng iba't ibang paraan ang mga Pilipino upang ipahayag ang kanilang nararamdaman patungkol sa politika, edukasyon, ekonomiya at iba't iba pang mga isyu ng bansa.

Halimbawa, nagsimulang malantad ang maluhong pamumuhay ng pamilya Napoles dahil sa *Facebook* at nagsimula rin sa *social media* ang panawagan sa *Million March* sa Luneta na nanawagan na wakasan na ang matinding korupsyon sa bansa. Bukod dito, napakarami nang isyu ang nabunyag at napansin ng buong Pilipinas dahil sa kapangyarihan ng *social media*.

Sa pamamagitan ng mga *online forum*, nakapaglalagay na ng iba't ibang pagsusuri sa mga isyung panlipunan ang mga tao, mabilis na nakapagkokomentaryo sa mga napapanahong pangyayari at pumapaloob sa pampublikong dayalogo sa birtwal na espasyo.

IX. Lambat-likha

Pagkatapos isapubliko ang *blog site* ng bawat grupo, bibigyan ng isang linggong *time frame* ang mga mag-aaral upang isagawa ang *online workshop*. Pagkatapos ng *online workshop*, muling isusulat ng mga miyembro ng grupo ang kanilang *creative non-fiction* na inayos at pinaganda batay sa mga puna at suhestiyon ng mga kaklase. Ang pinal na *blog site* ang gagraduhan ng guro at mga piling kamag-aaral batay sa sumusunod na panukatan:

Batayan ng Grado		**Puntos**	**Marka**
Konseptwalisasyon at Pagiging malikhain (20 puntos)	Ugnayan ng disenyo ng *blog* sa pangkalahatang tema	5	
	Sariling pagpapakahulugan/ interpretasyon sa paksang nais talakayin	5	
	Kabuuang mensahe ng *blog*	5	
	Pagiging malikhain ng kabuuang anyo	5	
Organisasyon at daloy (15 puntos)	Pangkalahatang Kaayusan	5	
	Pagkakasunod-sunod ng *creative non-fiction* ayon sa konsepto	8	
	Mahusay na pagpapadaloy ng *online workshop*	2	

Kabisaan ng pagpapahayag (15 puntos)	Bisa ng pagpapahayag	5	
	Kalinawan ng mensaheng nais iparating gamit ang retorika	5	
	Mensahe ng mga presentasyong biswal	5	
Orihinalidad (10 puntos)	Gamit ng mga sariling karanasan at kagamitan	5	
	Impak o dating ng *blog*	5	
Kabuuang Puntos		**(60)**	

X. Baybay-nilay

Ipagagawa sa mga mag-aaral ang pagsasanay.

XII. Pagdaong

Pagtataya

Pasagutan sa mga mag-aaral ang sariling pagtataya upang matiyak kung natamo ang mga layunin ng bawat aralin. Kung may mga layuning nahirapang abutin ang mga mag-aaral, maaaring ipagawa ang mga mungkahing gawaing pangremedyal na nasa ikalawang hanay.

Mga Layunin	Mungkahing Gawaing Pangremedyal
1. Nakinig upang makalahok sa mapanuring talakayan sa klase	Hikayatin ang mga mag-aaral na makibahagi sa pasalitang talakayan sa klase sa pamamagitan ng pagtatanong na ang inaasahang sagot ay base sa karanasan ng mga mag-aaral upang hindi maging hadlang ang kanilang pagsasaalang-alang ng katumpakan ng kanilang ibabahagi.
2. Nabigyang-puna ang mga nababasa sa social *media* (pahayagan, *Internet* tulad ng *Facebook, e-mail*, at iba pa)	Papiliin ang bawat mag-aaral ng isang *blog* na ginawa ng kaklase at sumulat ng sariling komento tungkol dito na ipo-*post* niya sa *blog* na binasa.
3. Natukoy at nabibigyang-kahulugan ang mga salitang karaniwang nakikita sa *social media*	Maglilista ng mga salitang karaniwang ginagamit sa *social media* at palagyan sa mga mag-aaral ng depinisyon ang mga ito batay sa kung paano ito ginagamit sa *social media.*
4. Natukoy ang mga popular na anyo ng panitikan na karaniwang nakikita sa *social media*	Magpalista sa mga mag-aaral ng limang uri ng panitikan na karaniwang nakikita sa *social media*. Ililista rin ng mga mag-aaral ang katangian ng mga ito at magbibigay sila ng mga halimbawang naka-*post* sa *social media*.

5. Naibahagi nang buong sigla ang inilathalang sariling akda	Maaaring itanong sa mga mag-aaral ang nais nilang midyum o paraan ng pagbabahagi ng aklat. Pagkatapos, hayaan gawin nilang ito. Makalipas ang isang araw, maaaring tanungin sa mga mag-aaral kung ano ang kabutihan ng kanilang piniling paraan ng pagbabahagi o kung paano ito nakatulong sa kanilang pagkatuto.
6. Naisulat ang sariling akda at nailalathala ito sa alinmang *social media*	Hikayatin ang mga mag-aaral na ibahagi ang mga komento o reaksiyong ng kanilang akdang nailathala sa isang *social media*.
7. Nagagamit ang kahusayan sa gramatikal at diskorsal na pagsulat ng isang organisado at makahulugang akda	Muling susulatin ng mga mag-aaral ang *blog entry* batay sa mga komento ng guro at mga kaklase.

(Gagawin lamang ang mungkahing gawaing pangremedyal kung ang nilagyan ng tsek ay ang kolum ng HINDI.)

Mga Sagot sa Pagsasanay

Baybayan

1. Ang *blog* ay isang diskusyon o sulatin na may iba't ibang diskurso gaya ng pagbibigay-impormasyon, pangangatwiran, o simpleng paglalabas lang ng mga iniisip o damdamin tungkol sa isang paksa. Madalas na tinatawag na *online* at pampublikong *diary* ang *blog*.
2. Ang *blogger* ay nagsusulat ng artikulo na inilalagay sa isang *website* sa *Internet*. Bumubuo rin siya ng panlipunang relasyon sa iba pang *blogger*. Ang *blogging* naman ay pagbibigay ng komentaryo o pananaw tungkol sa iba't ibang paksa o isang *online diary*.
3. Ang *multi-author blog* ay isang anyo ng *blog* kung saan maaaring magsulat ng *blog* ang iba't ibang awtor na ine-*edit* ng mga propesyunal. Kadalasang MABs ang ginagamit ng mga institusyon gaya ng dyaryo at iba pang *media outlet*, unibersidad, mga grupong may adbokasiya at iba pa.
4. Ang *web publishing tools* ay iyong mga *website* sa *Internet* na nagpapadaloy at tumatanggap ng mga kontribusyon mula sa iba't ibang gumagamit nito na hindi naman propesyunal sa larangan ng kompyuter.
5. Ang *photo blog* ay isang *blog* na ang pokus ay pagpa-*publish* ng mga larawan.
6. Ang *edublogs* ay *blog* na may kaugnayan sa edukasyon at pagtuturo.
7. Ang *vlogs* ay mga *blog* na naglalaman ng mga *video*.
8. Ang *art blogs* ay mga *blog* na ang nilalaman naman ay mga likhang sining.

Baybay-nilay (mungkahing sagot)

Dugtungan ang mga parirala upang makabuo ng mga makatotohanang pahayag. (Maaaring magbigay ng ibang parirala ang mga mag-aaral.)

1. Habang naghahanda ako sa proyekto, nalaman kong mahalaga pala ang *social media* sa mas mabilis at maayos na pagpapadaloy ng mga impormasyon at kaalaman.
2. Dahil sa mga karanasang ito, nalaman kong marami palang maaaring gamit ang *social media* partikular ang *blogging* upang makapagbahagi ng mga kaalaman, karanasan, at kasanayan.
3. Kung ang bawat kabataan sa kasalukuyan ay responsableng gagamit ng *social media* para sa kapwa at bayan, marahil mas marami ang mga kaalamang maibabahagi sa lahat at mas madali ring malaman at maunawaan ng bawat isa ang mga usaping sangkot ang buong bayan.

LAGUMANG PAGSUSULIT

A.

1. dahil dito; kaya; bunga nito; iyon
2. halimbawa; kunyari
3. uulitin ko

B.

1. Dahil sa
2. Bunga nito
3. Halimbawa
4. Tulad ng/gaya ng
5. Dati/Noon – Ngayon

C.

1. (Maaaring sagot)
   a. Dapat bigyan ng kaalaman at karapatan ang mag-asawa na magplano ng pamilya.
   b. Hindi na baling mahirap, basta magkakasama at masaya ang pamilya.
   c. Sa panahon ngayon, hindi na praktikal ang pagkakaroon ng malaking pamilya.
2. (Maaaring sagot)
   a. May mga tungkuling angkop sa partikular na kasarian.
   b. Pinakamasaya ang simpleng buhay sa probinsya
   c. Limitado ang oportunidad sa probinsya kumpara sa lunsod.